# Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna

**SAPAGKAT**, mula noong Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 1,660,000, at kumitil ng buhay ng higit sa 25,400 na mga residente; at,

**SAPAGKAT**, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, habang patuloy na tumutugon ang Illinois sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubha at matinding karamdaman sa paghinga na mabilis na kumakalat sa pamamagitan ng transmisyon sa respirasyon, ang pasanin sa mga residente, mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga unang tagatugon, at mga pamahalaan sa buong Estado ay walang uliran; at,

**SAPAGKAT**, ipinahayag ng World Health Organization na ang COVID-19 ay isang Kagipitan ng Pampublikong Kalusugang May Pandaigdigang Pakundangan noong Enero 30, 2020, at idineklara ng Kalihim ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos noong Enero 27, 2020 na ang COVID-19 ay naglalahad ng emerhensiya sa pampublikong kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 11, 2020, inilarawan ng World Health Organization ang pagsiklab ng COVID-19 bilang isang pandemya, at ngayon ay nag-ulat ng higit sa 239 milyon na kumpirmadong mga kaso ng COVID-19 at higit sa 4.8 milyong pagkamatay na maiuugnay sa COVID-19 sa bung mundo; at,

**SAPAGKAT**, sa kabila ng mga pagsisikap na pigilan ang COVID-19, ang birus ay patuloy na kumalat nang mabilis, na nagreresulta sa pangangailangan para sa mga pederal na pamahalaan at Estado na gumawa ng mga makabuluhang hakbang; at,

**SAPAGKAT**, ang mga bakuna sa COVID-19 ay epektibo upang maiwasan ang sakit na COVID-19, lalo na ang matinding karamdaman at pagkamatay, ngunit may bahagi ng populasyon ang nananatiling hindi nabakunahan at ang ilang mga residente, kabilang ang mga bata, ay hindi pa makakatanggap ng bakuna; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 9, 2020, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, ay idineklara ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad bilang tugon sa pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ang isang pambansang emerhensiya alinsunod sa Seksyon 501(b) ng Robert T. Stafford Disaster Relief and Emergency Assistance Act,

42 U.S.C. 5121-5207 (ang “Stafford Act”), na sumasakop sa lahat ng mga estado at teritoryo, kabilang ang Illinois; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 26, 2020, idineklara ng Pangulo ang isang malaking sakuna sa Illinois alinsunod sa Seksyon 401 ng Stafford Act; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 1, 2020, dahil sa napakalawak na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, aking idineklara ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 30, 2020, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang nanganganib na kakapusan ng mga kama sa ospital, mga kama sa kwartong pang-emerhensiya, at mga bentilador, at ang hindi sapat na kapasidad sa pagsusuri, aking idineklara ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Mayo 29, 2020, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri, aking idineklara ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Hunyo 26, 2020, dahil sa lalong pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, aking idineklara ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Hulyo 24, 2020, dahil sa muling pagsiklab ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Agosto 21, 2020, dahil sa muling pagsiklab ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Setyembre 18, 2020, dahil sa muling pagsiklab ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Oktubre 16, 2020, dahil sa muling pagsiklab ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Nobyembre 13, 2020, dahil sa mabilis na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Disyembre 11, 2020, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Enero 8, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Pebrero 5, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 5, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 2, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 30, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Mayo 28, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Hunyo 25, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Hulyo 23, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Agosto 20, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang panganib at pinsala ng Delta variant ng coronavirus, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Setyembre 17, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang panganib at pinsala ng Delta variant ng coronavirus, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, habang ang mga pangyayaring nakapaligid sa COVID-19 ay nagbabago at lumalabas ang mga bagong ebidensya, madalas na may mga pagbabago sa impormasyon at gabay sa pampublikong kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, ang walang ulirang likas na katangian ng COVID-19, kabilang ang mga resulta nito sa kalusugan hindi lamang sa respiratory system pero gayon din sa puso, utak, mga bato, at ang immune response ng katawan, ay ginawang mahirap hulaan ang mga epekto at landas ng birus; at,

**SAPAGKAT**, ang Delta variant ay mas agresibo at mas madaling maihawa kaysa sa dating kumakalat na mga uri nito, at nagdudulot ito ng mga bagong panganib sa patuloy na pagsisikap na matigil at mapabagal ang pagkalat ng birus; at,

**SAPAGKAT**, ang Delta variant ay maaaring maging sanhi ng mas malubhang karamdaman kaysa sa mga naunang uri ng birus; at,

**SAPAGKAT**, tinantya ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na ang Delta variant ngayon ay bumubuo ng lahat ng mga sequenced coronavirus sa Estados Unidos; at,

**SAPAGKAT**, ang pisikal na pagdidistansya, mga pantakip sa mukha, at iba pang pag-iingat sa pampublikong kalusugan ay napatunayang mahalaga sa pagbagal at pagtigil ng pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang Centers for Disease Control and Prevention ("CDC") ay naglabas ng patnubay para sa mga taong ganap nang nabakunahan,[1] na nagpapahiwatig na maaari silang

[1] Ang mga indibidwal ay itinuturing na ganap nang nabakunahan 2 linggo pagkatapos ng kanilang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis, tulad ng mga bakunang Pfizer o Moderna, o 2 linggo pagkatapos ng isang solong-dosis na bakuna, tulad ng bakunang Janssen ng Johnson & Johnson. Ang mga indibidwal na hindi nakakatugon sa mga kinakailangang ito, anuman ang edad, ay hindi itinuturing na ganap na nabakunahan.

magsagawa ng maraming mga aktibidad sa labas nang hindi nagsusuot ng mask o manatiling may 6 na talampakang layo, habang pinapayo ang pagsusuot ng mask sa loob ng mga pampublikong lugar na may mataas na transmisyon, pati na rin kung saan inaatas ng pederal, estado, lokal, pang-tribo, o pang-teritoryong mga batas, alituntunin, at regulasyon, kabilang ang patnubay sa lokal na negosyo at lugar ng trabaho; at,

**SAPAGKAT**, ang CDC ay patuloy na nagpapayo na ang mga telang pantakip sa mukha o mga mask ay pinoprotektahan ang mga taong hindi pa ganap na nabakunahan laban sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, nagpapayo ang CDC na sundin ng mga paaralan ang patnubay ng CDC para sa Pag-iwas ng COVID-19 sa mga Paaralang K-12 na nagrerekomenda ng unibersal na pagsusuot ng mask at pakikipagtulungan sa mga lokal na opisyal ng pampublikong kalusugan upang matukoy ang mga estratehiya sa pag-iwas na kinakailangan sa kanilang lugar; at,

**SAPAGKAT**, ang CDC ay patuloy na nagpapayo na gumamit ang mga day care providers ng mga pamamaraan sa pag-iwas ng COVID-19, kabilang ang pagsusuot ng mask at pisikal na pagdidistansya, kahit na nabakunahan ang mga day care providers at ang kanilang mga tauhan; at,

**SAPAGKAT**, ang ilang mga tao na nahawaan ng birus ay nananatiling walang sintomas ngunit gayunpaman ay maaaring ikalat ito sa iba; at,

**SAPAGKAT**, ipinapayo ng patnubay sa pampublikong kalusugan na ang pagbabawas sa pisikal na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao na hindi pa ganap na nabakunahan at hindi naninirahan sa iisang sambahayan ay kritikal upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, habang kumakalat ang COVID-19 sa Illinois sa paglipas ng mga Gubernatorial Disaster Proclamation, ang mga pangyayaring nagdudulot ng sakuna sa buong Estado ay nagbago at patuloy na nagbabago, na ang pagbuo ng mga tiyak na hula sa landas ng birus sa mga darating na buwan ay sadyang napakahirap; at,

**SAPAGKAT**, noong oras na inilabas ko ang unang Gubernatorial Disaster Proclamation, mayroong 11 na kumpirmadong mga kaso ng COVID-19 sa isang lalawigan ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, sa ngayon, mayroong higit sa 1,660,000 na kumpirmadong mga kaso ng COVID-19 sa lahat ng 102 na lalawigan ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, ang unang pagkamatay na naiugnay sa COVID-19 sa Illinois ay inihayag noong Marso 17, 2020; at,

**SAPAGKAT**, sa ngayon, higit sa 25,400 na mga residente ng Illinois ang namatay dahil sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, mula sa umpisa, iminungkahi ng mga pag-aaral na sa bawat kumpirmadong kaso ay may marami pang mga kasong hindi nababatid, ang iba sa kanila ay mga indibidwal na walang sintomas na maaaring magpasa ng birus sa ibang tao nang hindi nalalaman; at,

**SAPAGKAT**, habang ang bilang ng mga bagong kaso ng COVID-19 sa Illinois ay bumaba kamakailan, patuloy pa ring dinadapuan ng birus ang maraming mga indibidwal at kumikitil ng buhay ng napakaraming mga taga-Illinois bawat araw; at,

**SAPAGKAT**, ang pandemya ng COVID-19 ay hindi limitado sa mga pinaka-mataong lalawigan, at ang lahat ng mga rehiyon ng Estado ay patuloy na humaharap sa makabuluhang peligro ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, sa kawalan ng pag-iingat, ang COVID-19 ay maaaring kumalat nang malawakan, kahit na sa mga lugar na hindi gaano ang populasyon; at,

**SAPAGKAT**, ang Estados Unidos ay nagkaroon ng halos 45 milyong kabuuang mga kaso at higit sa 720,000 pagkamatay; at,

**SAPAGKAT**, ang COVID-19 ay kumitil ng mga buhay at patuloy na nakakaapekto sa kalusugan ng mga Itim at Hispanikong taga-Illinois sa napakataas na bilang – na sumasalamin sa mga makabuluhang pagkakaiba sa kalusugan at hindi pagkakapantay-pantay; at,

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois ay pinagana ang Illinois Emergency Operations Plan at ang Emergency Support Function 8 Plan nito upang ayusin ang mga pagsusumikap sa emerhensiyang pagtugon ng mga ospital, mga lokal na kagawaran ng kalusugan, at mga sistema ng pamamahala ng emerhensiya upang maiwasan ang paglobo sa paggamit ng mga mapagkukunan at kakayahan ng ospital; at,

**SAPAGKAT**, habang ang birus ay kumakalat sa buong Illinois, ang krisis na kinakaharap ng Estado ay patuloy na lumalaki at nangangailangan ng isang umuusbong na tugon upang matiyak na ang mga ospital, mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan at mga unang tumutugon ay magagawang matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng mga taga-Illinois at sa paraang naaayon sa gabay ng CDC na patuloy na binabago; at,

**SAPAGKAT**, upang matiyak na ang mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan, ang mga unang tumutugon, mga ospital at iba pang mga pasilidad ay maaaring matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng mga residente ng Illinois, ang Estado ay dapat magkaroon ng mga kritikal na suplay, kabilang ang PPE, tulad ng mga mask, mga sanggalang sa mukha, mga gown, at guwantes; at,

**SAPAGKAT**, pinapanatili ng Estado ng Illinois ang imbakan na sumusuporta sa mayroon nang mga suplay at stock ng PPE sa iba't-ibang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan; at,

**SAPAGKAT**, habang ipinagpapatuloy ng Estado ang pagsisikap na makakuha ng sapat na suplay ng PPE, kapag ang mga nasabing pagsisikap ay naantala o kapag nakaranas ang Illinois ng pagtaas ng mga kaso ng COVID-19, maaaring maharap ang Estado sa kakulangan ng mga kritikal na suplay para sa mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan at mga unang tumutugon; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na gumagamit ang Illinois ng isang makabuluhang porsyento ng mga kama sa ospital at mga kama ng ICU; at, kung patuloy na dumami ang kaso ng COVID-19, maaaring harapin ng Estado ang kakulangan ng mga kritikal na mapagkukunan ng pangangalaga ng kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, may mga bahagi ng bansa kung saan may kakaunti, kung mayroon man, na mga kama sa ICU bilang resulta ng Delta variant, at maraming bahagi ng Illinois ang may kumukunting bilang ng mga kamang magagamit sa ICU bilang resulta ng Delta variant; at,

**SAPAGKAT**, higit sa 33 milyon na ispesimen para sa COVID-19 ang nasuri na ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng higit sa 25,400 na mga taga-Illinois at pagpinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan ng pananalapi ng isang makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

**SAPAGKAT**, sa buong bansa, mahigit sa 80 milyong katao ang nagpahayag ng kawalan ng trabaho mula nang magsimula ang pandemya; at,

**SAPAGKAT**, inihayag ng Illinois Department of Employment Security na ang antas ng kawalan ng trabaho sa Estado ay patuloy na tumataas; at,

**SAPAGKAT**, ang Illinois Department of Employment Security ay tumutugon sa krisis sa ekonomiya sa maraming mga paraan, kabilang ang programang Pandemic Unemployment Assistance; at,

**SAPAGKAT**, ang Department of Commerce and Economic Opportunity ay nagtatrabaho upang matugunan ang krisis sa ekonomiya, kabilang ang mga tulong na programa tulad ng Business Interruption Grants Program para sa mga negosyo na nakaranas ng limitadong kakayahang tumakbo dahil sa mga pagsasarang may kaugnayan sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, maraming mga ehekutibong ahensya sa Estado ang itinuon ang kanilang makabuluhang pinagkukunang-yaman sa nagpapatuloy na pagtugon sa pandemya ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, maraming mga ahensya ng Estado ang magkakaroon ng tungkulin sa pangangasiwa ng American Rescue Plan at Coronavirus State and Local Fiscal Recovery Funds sa mga darating na buwan; at,

**SAPAGKAT**, ang pandemya ng COVID-19 ang nag-atas sa Illinois Department of Agriculture (IDOA) na tugunan ang epekto ng pagsiklab sa supply chain ng pagkain ng Estado sa pamamagitan ng regulasyon at pangangasiwa ng mga pasilidad sa karne at manukan at pasilidad sa pamamahala ng mga hayop; at,

**SAPAGKAT**, ang paggambala ng pandemya ng COVID-19 sa merkado ng hayop ang nag-atas sa IDOA na ituon ang mga mapagkukunan nito sa pakikipagtulungan sa mga may-ari at prodyuser ng hayop sa pagtugon sa ligtas at pangkapaligiran na alalahanin sa pagtatapon ng hayop sa pamamagitan ng pangangasiwa nito at regulasyon ng Dead Animal Disposal Act; at,

**SAPAGKAT**, kinokontrol at sinisiyasat ng IDOA ang maraming iba pang mga industriya na direktang naapektuhan ng pandemya ng COVID-19 kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga applicator ng pestisidyo, mga silungan ng hayop, mga tindahan ng alagang hayop, at mga istasyon ng gasolina, at ang nagpapatuloy na maayos na regulasyon ng mga industriya na ito ay nangangailangan na ang IDOA ay maglaan ng karagdagang oras at mga pinagkukunang-yaman sa paglikha ng mga bagong pamamaraan para sa pagsasagawa ng mga malalayong pagsisiyasat at pagsasanay; at,

**SAPAGKAT**, ang nakakapinsalang epekto ng pandemya ng COVID-19 sa mga industriyang kinokontrol ng IDOA ang nag-atas sa IDOA na maglaan ng karagdagang oras at mga pinagkukunang-yaman sa pag-oorganisa at pamamahala ng napapanahong pagpapatupad ng Business Interruption Grant Program; at,

**SAPAGKAT**, ang pagbagsak ng ekonomiya at kawalang seguridad na dulot ng COVID-19 ay nagbabanta sa kakayahang kumita ng negosyo at ang kakayahang magkaroon ng bahay, pangangalagang medikal, pagkain, at iba pang mga kritikal na mapagkukunan na direktang nakakaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga residente; at,

**SAPAGKAT**, ang access sa pabahay ay nakakatulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sapagkat ang mga indibidwal na may pabahay ay may kakayahang bawasan ang pisikal na pakikipag-ugnayan sa mga nasa labas ng kanilang mga sambahayan; at,

**SAPAGKAT**, ang pansamantalang paghinto ng mga paglilitis sa pagpapaalis ay nakakaiwas sa maraming pakikipag-ugnayan na nauugnay sa pagpapaalis, kasama ang mga opisyal ng tagapagpatupad ng batas, tauhan ng korte, mga kasero, mga tagalipat, at mga kaibigan at pamilya na sumasang-ayon na magbigay ng pansamantalang pabahay, pati na rin, para sa mga pinilit na mawalan ng tirahan, ang mga pakikipag-ugnayang nauugnay sa pagtira sa isang kanlungan; at,

**SAPAGKAT**, ang pagpigil sa pagkalat sa pamamagitan ng pansamantalang pagpapahinto ng mga paglilitis sa pagpapalayas ay patuloy ding tumutulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa mas malawak na komunidad; at,

**SAPAGKAT**, ang COVID-19 ay labis ding nakakagambala sa mga paaralan, at ito ay kabilang sa pinakamataas na prayoridad ng Estado upang matiyak na ang mga mag-aaral ay makakakuha ng de-kalidad na edukasyon at ang mga paaralan ay makapagbibigay ng isang kapaligiran na ligtas para sa mga mag-aaral, mga guro, at sa komunidad; at,

**SAPAGKAT**, batay sa mga naunang katotohanan, at pagsasaalang-alang sa mabilis na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na mga epekto nito sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, ang mga kasalukuyang kalagayan sa Illinois na nakapalibot sa pagkalat ng COVID-19 ay bumubuo ng epidemikong emerhensiya at emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Illinois Emergency Management Agency Act; at,

**SAPAGKAT**, batay sa naunang nabanggit, ang patuloy na pasanin sa mga mapagkukunan sa ospital, ang patuloy na potensyal na ang Estado ay maaaring maharap sa kakulangan ng mga mapagkukunang ito sa kaganapan ng pagdagsa ng impeksyon, at ang kritikal na pangangailangan na dagdagan ang pagbili at pamamahagi ng PPE pati na rin ang patuloy na pagpapalawak sa

kapasidad sa pagsusuri ng COVID-19 ay bumubuo ng isang emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Illinois Emergency Management Agency Act; at,

**SAPAGKAT**, patakaran ng Estado ng Illinois na maging handa upang matugunan ang anumang mga sakuna at, samakatuwid, kinakailangan at naaangkop na gawing available ang mga karagdagang mapagkukunan ng Estado upang matiyak na ang ating sistema sa paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan ay may kakayahang pagsilbihan ang mga may sakit at ang mga taga-Illinois ay manatiling ligtas at siguradong makakakuha ng pangangalagang medikal; at,

**SAPAGKAT**, ang proklamasyong ito ay tutulong sa Estado sa pagpapadali ng pagbawi ng ekonomiya para sa mga indibidwal at mga negosyo sa isang pagsisikap upang maiwasan ang karagdagang mapaminsalang mga kahihinatnan mula sa kawalang-katatagan ng ekonomiya na dulot ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang proklamasyong ito ay tutulong sa mga ahensya ng Illinois sa pag-uugnay ng mga mapagkukunan ng Estado at Pederal, kabilang ang mga materyales na kinakailangan sa pagsusuri sa COVID-19, personal na kagamitan sa proteksyon, at mga gamot, sa isang pagsisikap na suportahan ang mga tugon ng Estado pati na rin ang mga tugon ng mga lokal na pamahalaan sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, ang proklamasyong ito ay tutulong sa mga ahensya ng Illinois sa pag-uugnay ng mga pondo ng Estado at Pederal; at,

**SAPAGKAT**, ang mga kondisyong ito ay nagbibigay ng legal na katwiran sa ilalim ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act para sa bagong pagpapalabas ng isang proklamasyon ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, ang Konstitusyon ng Illinois, sa Artikulo V, Seksyon 8, ay nagsasabi na "ang Gobernador ay magkakaroon ng kataas-taasang kapangyarihan na ehekutibo, at mananagot para sa matapat na pagpapatupad ng mga batas," at nagsasabing, sa Preamble, na ang isang pangunahing layunin ng Konstitusyon ng Illinois ay "magbigay para sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga tao";

**NGAYON**, **SAMAKATUWID**, sa interes ng pagtulong sa mga mamamayan ng Illinois at mga lokal na pamahalaan na responsable sa pagtiyak sa pampublikong kalusugan at kaligtasan, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, ay nagpapahayag ng mga sumusunod:

**Seksyon 1**. Alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, nakita ko na ang isang sakuna ay umiiral sa loob ng Estado ng Illinois at partikular na idineklara ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad. Pinapahintulutan ng proklamasyon ang paggamit ng lahat ng mga kapangyarihang pang-emerhensiya na ibinigay sa Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, kabilang ngunit hindi limitado sa mga partikular na kapangyarihang pang-emerhensiya na nakasaad sa ibaba.

**Seksyon 2**. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois at ang Illinois Emergency Management Agency ay inatasan upang makipag-ugnay sa bawat isa tungkol sa pagpaplano at pagtugon sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

**Seksyon 3**. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois ay inatasan pa upang makipagtulungan sa Gobernador, iba pang mga ahensya ng Estado at lokal na awtoridad, kabilang ang mga lokal na awtoridad sa pampublikong kalusugan, sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at plano na maprotektahan ang pampublikong kalusugan na may kaugnayan sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

**Seksyon 4**. Ang Illinois Emergency Management Agency ay inatasan na ipatupad ang State Emergency Operations Plan upang ayusin ang mga mapagkukunan ng Estado upang suportahan ang mga lokal na pamahalaan sa pagtugon sa sakuna at mga operasyon sa panunumbalik.

**Seksyon 5**. Upang makatulong sa mga emerhensiyang pagbili na kinakailangan sa pagtugon at iba pang mga pang-emerhensiyang kapangyarihan na awtorisado ng Illinois Emergency Management Agency Act, ang mga probisyon ng Illinois Procurement Code na sa anumang paraan

ay pinipigilan, hinahadlangan o inaantala ang mga kinakailangang aksyon para makayanan ang sakuna ay sinuspinde hanggang sa panahon na hindi sila hinihiling ng batas pederal. Kung kinakailangan, at alinsunod sa Seksyon 7(1) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(1), ang Gobernador ay maaaring gumawa ng naaangkop na aksyong ehekutibo upang suspindihin ang mga karagdagang batas, mga kautusan, mga patakaran, at mga regulasyon.

**Seksyon 6**. Alinsunod sa Seksyon 7(3) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(3), ang proklamasyong ito ay nagpapagana sa awtoridad ng Gobernador, kung kinakailangan, upang ilipat ang pamamahala, tauhan o tungkulin ng mga kagawaran at ahensya ng Estado o yunit nito para sa layunin ng pagsasagawa o pagpapadali ng mga programa sa pagtugon sa emerhensiya.

**Seksyon 7**. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois, Illinois Department of Insurance at ang Illinois Department of Healthcare and Family Services ay inatasan na magrekomenda, at, kung naaangkop, ay gumawa ng mga kinakailangang aksyon upang matiyak ang pinalawak na pag-access sa pagsusuri para sa COVID-19 at ang mga mamimili ay hindi nahaharap sa mga hadlang sa pananalapi sa pag-access sa mga diagnostic na pagsusuri at serbisyo sa paggamot para sa COVID-19.

**Seksyon 8**. Ang Illinois State Board of Education ay inatasan na magrekomenda, at, kung naaangkop, ay gumawa ng mga kinakailangang aksyon upang matugunan ang anumang epekto sa pag-aaral na nauugnay sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan at upang patuloy na maibsan ang anumang mga hadlang sa paggamit ng pag-aaral sa labas ng paaralan sa panahon ng epekto ng proklamasyong ito na umiiral sa Illinois School Code, 105 ILCS 5/1-1 et. seq.

**Seksyon 9**. Ang lahat ng mga ahensya ng Estado ay inatasan na makipagtulungan sa Gobernador, iba pang mga ahensya ng Estado at lokal na awtoridad sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at plano upang makayanan at makabawi mula sa pang-ekonomiyang epekto ng kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

**Seksyon 10**. Alinsunod sa Seksyon 7(14) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(14), ang mga pagtaas sa presyo ng mga kalakal o serbisyo, kabilang ang mga medikal na gamit, kagamitan sa proteksiyon, mga gamot at iba pang mga gamit na inilaan upang makatulong sa pag-iwas sa o paggamot at pagbawi sa COVID-19, ay ipinagbabawal sa Estado ng Illinois habang ang proklamasyong ito ay may bisa.

**Seksyon 11**. Maaaring mapadali ng proklamasyong ito ang mga kahilingan para sa emerhensiyang pederal at/o tulong sa kalamidad kung ang isang kumpleto at komprehensibong pagtatasa ng pinsala ay nagpapahiwatig na ang epektibong pagbawi ay lampas sa mga kakayahan ng Estado at ng mga apektadong lokal na pamahalaan.

**Seksyon 12**. Ang proklamasyong ito ay magiging epektibo kaagad at mananatiling may bisa sa loob ng 30 araw.

**Bilang Patunay sa Lahat ng Ito**, *ako ay lumalagda at naging sanhi upang mailagay ang Great Seal ng Estado ng Illinois.*

*Isinagawa sa Kapitolyo sa Lungsod ng Springfield, ngayong ika-15 araw ng Oktubre, sa Taon ng Ating Panginoon, dalawang libo at dalawampu't isa, at ng Estado ng Illinois dalawang daan at tatlo.*

KALIHIM NG ESTADO

GOBERNADOR